**INTERNATIONAL NAPASA ( July 15,2025 )**

## 1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa July 19 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***CEREZO OSAKA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. At ang ticket na hindi

nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2) IMPORMASYON UKOL SA "DENTAL HEALTH FESTIVAL"

歯の健康フェスタのお知らせ

Sa July 13 (Sunday) ay magkakaroon ng ***"DENTAL HEALTH FESTIVAL".*** Ang oras ay mula 10 ng umaga hanggang hanggang 11 ng tanghali sa Hiratsuka Cultural and Arts Center. Magkakaroon ng lektura mula sa doktor ng mga ngipin ukol sa ***"PAG-AALAGA NG BIBIG SA PANAHON NG PANDEMYA".*** Mayroon ding ekhibisyon ukol sa kalusugan ng mga ngipin, at ang pagdalo dito ay walang bayad. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***HIRATSUKA CITY MEDICAL ASSOCIATION.*** Telephone No.**0463-26-8255 (0463-26-8255).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa July 16 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Summer Colorful Concert"*** ang Otomachi Club at mula 6:00 hanggang 7:00 ng hapon ay isasagawa naman ng grupo ng 4 na tao ang ***"Showa hanggang Heisei Famous Music Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 4)BAYARIN SA PAG-PROSESO NGPAPELES NG PANINIRAHAN NG MGA DAYUHANG

外国人の 在留 手続き手数料改定のお知らせ

Mula April 1, 2025 ay nabago na ang halaga ng bayarin sa pag-proseso ng paninirahan ng mga dayuhan.

**ANG MGA PANGUNAHING NABAGO AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Application for Change of Status of Residence: mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
2. Applicaiton for Extension of Period of Stay: mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
3. Applicaiton for Permanent Residence: mula ¥8000 ay naging 10,000
4. Application for Re-Entry Permit (Single): mula ¥3000 ay naging ¥4000
5. Application for Re-Entry Permit (Multiple): mula ¥6000 ay naging ¥7000.
6. Certificate of Employment Eligibility: mula ¥1200 ay naging ¥2000.

Para sa iba pang detalye ay makikita sa Home Page ng Immigration Service Agency ng